

A brown silhouette of a person wearing a cape, standing with their right arm raised in a gesture of surrender or triumph. The background is white.

ABSOLUTE
SURRENDER

SERIES

Managing God's Money

SIX BIBLE STUDY LESSONS
FOR GROUP DISCIPLESHIP

TAGALOG VERSION

Managing God's Money

SIX BIBLE STUDY LESSONS
FOR GROUP DISCIPLESHIP



EVERY NATION
P R O D U C T I O N S

MANAGING GOD'S MONEY

Copyright © 2013 by Every Nation Productions

Published by EVERY NATION PRODUCTIONS

P.O. Box 12229 Ortigas Center, Pasig City,

Philippines email: productions@everynation.org.ph

All rights reserved. No part of this publication may be reproduced or transmitted in any form or by any means, electronic or mechanical, including photocopy, recording, or any information storage and retrieval system, without permission in writing from EVERY NATION PRODUCTIONS.

All Scripture quotations, unless otherwise indicated, are taken from the Holy Bible, New International Version®

Copyright © 1973, 1978, 1984 International Bible Society. Used by permission of Zondervan. All rights reserved.

Printed in the Republic of the Philippines

Paano Gamitin ang Materyal na ito

Sa Victory, ang pangunahing lugar para sa pagiging disipulo ay nangyayari sa isang maliit na grupo. Ito ay tinatawag na Victory group. Mariin naming hinihikayat ang lahat na makibahagi dahil ang mga grupong ito ay partikular na idinisenyo upang tulungan ang mga disipulo na umunlad sa espirituwal.

Ang Victory group meeting ay may tatlong bahagi: Connect, Word, and Prayer, at tumatagal ng apatnapu hanggang animnapung minuto.

CONNECT (5-10 minutes)

Ang mga pulong ng grupo ng tagumpay ay nagsisimula sa isang oras upang makipag ugnayan sa isa't isa. Depende sa mga taong bumubuo sa grupo, ito ay maaaring gawin sa pamamagitan ng iba't ibang paraan:

- Kasiyahan—tulad ng aktibidad ng icebreaker
- Nasagot na mga panalangin—pagbabahagi ng patotoo at mga update
- Mga tanong—tulad ng mga ibinigay sa materyal, pagkatuto sa mga personal na kuwento ng isa't isa, at pagbabahagi ng feedback mula sa lingguhang mensahe

Epektibong mga tanong sa panahon ng connect portion:

- Sadyang friendly sa mga first timers
- Humingi ng opinyon o mga karanasan
- Hindi nangangailangan ng kaalaman sa Bibliya
- Walang tama o mali na sagot
- Hindi kontrobersyal
- Ay mas mabuting konektado sa paksa ng pulong

WORD (20-30 minutes)

Ituro ang katotohanan at kaugnayan ng Salita ng Diyos para maisabuhay. Ang pulong ng grupo ng Victory ay hindi pangunahing isang pag aaral ng Bibliya. Bagaman ang pagtuturo at pagpapaliwanag ng Kasulatan ay kasangkot, ang layunin ay maglingkod, hindi tapusin ang isang materyal.

Hindi na kailangang ituro ang lahat ng punto sa isang materyal.

Sa loob ng bahaging ito, tingnan natin kung ano ang sinasabi ng Bibliya, ang kaugnayan nito sa atin ngayon, at ang pagsasabuhay nito.

What: *What does the Bible say?*

Ipahayag at ibahagi nang malinaw at maikli ang katotohanan sa Bibliya

16Ang lahat ng Kasulatan ay may hininga ng Diyos at kapaki pakinabang sa pagtuturo, pagsaway, pagwawasto at pagsasanay sa kabutihan, 17Upang ang tao ng Diyos ay lubos na masangkapan para sa bawat mabuting gawa.

2 TImoteo 3:16,17

Tips for Sharing the Word Effectively

- Hayaan ang Bibliya na magsalita para sa sarili nito.
- Gumamit ng mga paglalarawan at magkuwento upang ipaliwanag ang mga talata sa Bibliya.
- Kapag pinakikinggan ang mga paglilinaw, maging mapagbantay na huwag hayaang mawala ang punto ng talakayan.
- Ang pangunahing layunin ay maglingkod sa mga pangangailangan ng mga tao, hindi upang tapusin ang isang aralin sa Bibliya.
- Magpagabay sa Espiritu kapag ginagamit ang materyal.

So What: *What is the relevance of the Word to my life?*

Bigyan ng pagkakataon ang mga kalahok na talakayin kung paano nakakaapekto ang Salita sa paraan ng kanilang pamumuhay.

Huwag nang umayon pa sa huwaran ng mundong ito, kundi magbago sa pamamagitan ng pagpapanibago ng iyong isipan. Sa gayon ay masusubok at maaaprubahan ninyo kung ano ang kalooban ng Diyos—ang kanyang mabuti, kasiya-siya at perpektong kalooban.

ROMA 12:2

Now What: *How do I apply the Word to my life?*

Ang pangunahing dahilan natin sa pagbabahagi ng Bibliya ay upang malaman ng mga tao kung sino ang Diyos at kung ano ang Kanyang ginawa. Sa paggawa nito, ang mga kalahok ay magsisimulang tuklasin kung sino sila at kung ano ang dapat nilang gawin.

Kung ito ay isang pangako, turuan silang angkinin ito. Kung ito ay utos o alituntunin, hikayatin silang gawin ito sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos. Kung ito ay isang katotohanan, hayaan silang yakapin ito nang kusang loob at hindi napipilitan. Hayaan ang biyaya at pagmamahal ng Diyos ang kumilos sa kanila sa pamamagitan ng paraan ng iyong pagtuturo ng Salita ng Diyos.

Maghikayat ng mga tiyak at masusukat na hakbang na naaayon sa pagbabago ng buhay na isinasagawa ng Kasulatan. Hindi tayo Nag-uutos sa mga tao, ngunit hinihimok natin sila tungo sa pagmamahal at mga mabubuting gawa.

Huwag lamang makinig sa salita, at kaya linlangin ang inyong sarili. Gawin mo ang sinasabi nito. Santiago 1:22

Tips for Life-Changing Application

- Maaari kang pumili ng isa sa mga tanong na "Kaya Ano" at "Ngayon Ano" o maaari kang magdagdag ng iyong sariling tanong.
- Ang isang epektibong tanong sa standby application ay: "Ano ang gagawin mong hakbang bilang resulta ng narinig mo ngayon?"
- Tukuyin kung sino ang unang sasagot sa tanong na itinatanong.
- Huwag hayaang makipagtalo o maging mapanuri sa iba ang isang tao.
- Paalalahanan ang lahat na ipamuhay ang aral sa kanilang sariling buhay, hindi sa buhay ng iba.
- Humingi ng karunungan sa Diyos upang malaman kung kailan dapat balansehin o itama ang mga kakaiba o hindi biblikal na aplikasyon. Ang hindi sensitibong pagwawasto o pagpuna ay maaaring pumatay sa grupo, tulad ng hindi naka check na erehiya.
- Ipaalala sa lahat na ang pagbabago ay gawain ng Diyos, hindi natin, at ang ating pagsunod ay tugon sa kung sino Siya at sa Kanyang pagmamahal sa atin. Ang biyaya ng Diyos ang nagbibigay daan sa atin upang maipamuhay at sundin ang Kanyang Salita.

PRAY (15-20 minutes)

Ang panalangin ang pinakamahalagang bahagi ng pagpupulong ng grupo ng Tagumpay. Siguraduhing marami ka pang oras na natitira para hindi magmadali sa oras ng iyong panalangin. Hindi ito isang "pangwakas na panalangin," kundi isang panahon para sa bawat isa sa grupo na dalhin ang mga tiyak na kahilingan sa Diyos. Dito na ang aksyon. Ang layunin ay lumikha ng isang lugar kung saan makikita ng mga tao ang pagkilos ng Diyos para sa kanila.

"Muli, sinasabi ko sa inyo na kung magkasundo ang dalawa sa inyo sa lupa tungkol sa anumang hinihiling ninyo, gagawin ito para sa inyo ng aking Ama sa langit." MATEO 18:19

Tips for Powerful Prayer

- Makinig nang mabuti sa Banal na Espiritu sa panahon ng mga bahagi ng Pagkonekta at Salita para sa mga bagay na maaaring mangailangan ng panalangin.
- Gumugol ng iyong oras sa pagdarasal para sa isa't isa, hindi pagbabahagi at pagtalakay sa mga kahilingan sa panalangin.
- Panatilihin simple, tapat, at maikli ang inyong mga panalangin. Karamihan sa mga di mananampalataya ay hindi kailanman nakarinig ng isang ordinaryong Kristiyano na nakikipag usap lamang sa Diyos at maaantig sa katapatan at pagiging simple ng panalangin.
- Manalangin, huwag mangaral. Manalangin ng simple at maikling pangungusap, hindi mahaba ng "sermon panalangin."
- Gumamit ng panalanging pang-usapan, hindi kumplikado o malalim, panalangin ng pamamagitan.
- Asahan mong sasagutin ng Diyos ang iyong mga panalangin.

CONTENTS

- 1 Salapi: Hawakan ng Maingat.....
1
- 2 Mga Prinsipyo ng Kasaganaan sa Bibliya.....
7
- Unahin ang Dapat Unahin.....11
- 4 Radikal na Pagbibigay.....15
- 5 Yaman at Karunungan.....19
- 6 Ang Layunin ng Kasaganaan.....23

1

Salapi: Hawakan ng Maingat

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

CONNECT

- Kung kaya mong gumastos ng isang milyong dolyar sa isang araw, paano mo ito gagawin Bakit?

- Sa paaralan, ano ang isa sa pinakamahirap na pagsusulit na naranasan mo Ano na nga ba ang nangyari ?

- Sino o ano ang lagi mong inaalagaan ? Bakit?

¹⁹ *“Huwag kayong mag-impok ng mga kayamanan dito sa lupa; dito’y may naninirang insekto at kalawang, at may nakakapasok na magnanakaw.* ²⁰ *Sa halip, mag-impok kayo ng kayamanan sa langit; doo’y walang naninirang insekto at kalawang, at walang nakakapasok na magnanakaw.* ²¹ *Sapagkat kung saan naroroon ang iyong kayamanan, naroroon din ang iyong puso.”* MATEO 6:19-21

WHAT

Ang pera ay higit pa sa isang isyung pang-ekonomiya; ito ay isang isyung pang-puso. Sinabi ni Jesus, “Kung nasaan ang iyong kayamanan, naroon din ang iyong puso.”

Dalawang-katlo ng mga talinghaga ni Jesus ay tumatalakay sa pera. Mayroong mahigit 700 direktang pagbanggit sa pera sa Bibliya. Bakit napakapopular na paksa ang pera sa Bibliya? Dahil ang pera ay isang bintana sa puso. Kung paano natin hinahawakan ang pera ay nagpapakita ng mga pagpapahalaga at prayoridad ng ating mga puso. Sa araling ito, titingnan natin ang mga babala ng Bibliya tungkol sa salapi.

1 Ang salapi ay mapanganib.

⁹ *Ang mga nagnasang yumaman ay nahuhulog sa tukso at nasisilo sa bitag ng masasama at mga hangal na hangarin na nagtutulak sa kanila sa kamatayan at kapahamakan.* ¹⁰ *Sapagkat ang pag-ibig sa salapi ay ugat ng lahat ng kasamaan. Dahil sa paghahangad na yumaman, may mga taong nalalayo sa pananampalataya at nasasadlak sa maraming kapighatian.* 1 TIMOTEO 6:9, 10

Sa dalawang talata na ito, pansinin ang lahat ng mapanganib na mga salita na ginamit upang ilarawan ang pera at ang mga sabik dito. Gayunpaman, dahil lang sa mapanganib ang isang bagay ay hindi nangangahulugang bawal ito para sa mga Kristiyano. Ang mga kotse ay maaaring mapanganib—libo-libo ang namamatay sa mga aksidente sa sasakyan bawat taon. Hindi ito nangangahulugan na hindi na tayo dapat magmaneho ng kotse, kundi dapat tayong mag-ingat sa pagmamaneho.

Ano ang ilang
mapanganib na bagay na
maaari ring maging
kapaki-pakinabang kung
gagamitin nang may
pag-iingat? Ano ang ibig
sabihin ng "ugat ng lahat
ng uri ng
Kasamaan ?

2 Ang salapi ay mapanlinlang at maaaring lunukin ang Salita.

19 ngunit dahil sa alalahanin sa buhay na ito, pagkasilaw sa salapi, o kaya'y pagkahumaling sa ibang mga bagay, ang Salita ay nawawalan ng puwang sa kanilang puso kaya't hindi ito nakakapamunga. MARCOS 4:19

(TIGNAN KAWIKAAN 11:48 AND 1 TIMOTEO 6:17-19.)

Ang pera ay mapanlinlang—nangangako ng sobra ngunit kulang ang ibinibigay. Nangangako ito ng kaligayahan, ngunit hindi kayang tuparin. Nangangako ito ng seguridad, ngunit hindi ito natutupad. Nangangako ito ng kapayapaan, ngunit hindi ito natutupad.

Paano mo ito
nakita na
totoo?

3 Ang salapi ay karibal ng Diyos.

13 "Walang aliping maaaring maglingkod sa dalawang panginoon sapagkat kamumuhian niya ang isa at iibigin ang ikalawa, paglilingkuran nang tapat ang isa at hahamakin ang ikalawa. Hindi kayo maaaring maglingkod sa Diyos at sa kayamanan." LUKAS 16:13

Hindi sinabi ng Bibliya na hindi mo maaaring paglilingkuran ang Diyos at sarili, Diyos at kapangyarihan, Diyos at karera, Diyos at imoralidad. Kung totoo man ang mga pahayag na ito, hindi kailanman sinabi ang mga ito. Marahil sila ay masyadong maliwanag upang banggitin. Ngunit dahil ang pera ay mapanlinlang, maraming tao ang talagang naniniwala na maaari silang maglingkod sa Diyos at pera nang sabay.

Ano ang ibig sabihin ng paglilingkod sa Diyos? Ano ang ibig sabihin ng pagsilbihan ng salapi? Bakit ang pera ay karibal ng Diyos?

.....

.....

.....

.....

4

Ang salapi ay isang pagsubok para sa espiritwal na pag-unlad.

10 Ang mapagkakatiwalaan sa maliit na bagay ay mapagkakatiwalaan din sa malaking bagay; ang mandaraya sa maliit na bagay ay mandaraya rin sa malaking bagay. 11 Kaya kung hindi kayo mapagkakatiwalaan sa mga kayamanan ng mundong ito, sino ang magtitiwala sa inyo ng tunay na kayamanan? 12 At kung hindi kayo mapagkakatiwalaan sa kayamanan ng iba, sino ang magbibigay sa inyo ng talagang para sa inyo? LUCAS 16:10-12

Ano ang mangyayari kapag tayo ay mapagkakatiwalaan sa paghawak ng pera? Paano kung hindi tayo mapagkakatiwalaan?

.....

.....

.....

Ano ang "tunay na kayamanan"?

SO WHAT

- Ano ang ibig sabihin ng mahalín ang salapi ? Paano Naiiba ang iyong pananaw sa salapi mula sa sinasabi ng Bibliya?

- Bakit mas marami ang nagtitiwala sa pera kaysa sa Diyos? Paano ang salapi ay sobrang nangangako at hindi naibibigay?

- Bakit imposible na paglingkuran ang Diyos at salapi ng sabay ? Bakit sa tingin mo ang bibliya ay tiyak tungkol dito ?

NOW WHAT

- Sa tingin mo ba ay pinangangasiwaan mo ang pera sa paraang nagbibigay karangalan sa Diyos? Malaya ka ba sa pagmamahal sa salapi?

- Ano ang maaari mong gawin ngayong linggo upang paglingkuran ang Diyos kaysa sa pera? Nadaya ka na ba ng kayamanan? Paano ka makakapamuhay nang malaya mula sa panlilinlang na iyon?

- Mapagkakatiwalaan ka ba sa paghawak ng pera? Nagbibigay ka ba ng iyong ikapo? Binabayaran mo ba ang iyong mga utang? Binabayaran mo ba ang mga bayarin mo sa tamang oras?

-
- Pasalamatán ang Diyos para sa Kanyang mga biyaya at pagpapala.

 - Manalangin na ingatan ka Niya sa iyong pinagdadaanan. Maniwala ka na sa Kanya, lahat ng bagay ay posible.

 - Hilingin mo sa Diyos na bigyan ka ng biblikal na pananaw at pag-unawa tungkol sa pera. Piliin mong magtiwala sa Kanya higit sa lahat.

Mga Prinsipyo ng kasaganaan sa Bibliya

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

- Ano ang ilan sa mga hindi maaaring baguhin na bahagi ng iyong pang-araw-araw na iskedyul? Bakit?
- Ano ang isa sa pinakamahirap na bagay na kinailangan mong gawin? Ano ang natutunan mo mula dito?
- Sabihin mo sa amin ang tungkol sa iyong unang trabaho. Ano ang pakiramdam nito? Ano ang ginawa mo?

Pagpapalain niya ang lahat ng inyong gawain. Pararamihin niya ang inyong mga anak at mga hayop at pasasaganain ang ani ng inyong lupain. Muli siyang malulugod sa inyo at pagpapalain niya kayo, tulad ng ginawa niya sa inyong mga ninuno.

DEUTERONOMIO 30:9

WHAT

Ang tanong ay hindi, "Magbibigay ba ang Diyos?" Ang Bibliya ay malinaw tungkol diyan. Maraming talata ang nagtuturo na. Hindi lamang nangako ang Diyos na magbibigay, kundi nagagalak din Siya sa ating kasaganaan. Ang tunay na tanong ay, "Ano ang gagawin natin sa Kanyang pagpapala?" Ang kalagayan ng ating mga puso ang magtatakda kung ang pera ay magiging bitag upang ilayo tayo sa Diyos o isang kasangkapan upang paunlarin ang Kanyang kaharian. Isa pang tanong na lumalabas tungkol sa pera ay, "Bakit parang may mga tao na tumatanggap ng biyaya ng Diyos at may mga hindi?"

1

Ang Prinsipyo ng Pagbibigay at Pagtanggap/Pagtanim at Pag-ani

Magbigay kayo at kayo'y bibigyan din; hustong takal, siksik, liglig, at umaapaw pa ang ibibigay sa inyo. Sapagkat ang panukat na ginagamit ninyo sa iba ay siya ring gagamiting panukat sa inyo. LUCAS 6:38 (TIGNAN 2

CORINTO 9:6-11.)

Ano ang mangyayari kung tayo'y magbibigay? Ano ang mangyayari kung hindi tayo magbibigay? Ano ang nagtatakda kung gaano karami ang ibabalik sa atin? Ano ang mangyayari sa ating itinanim?

Ano ang layunin ng kayamanan?

2

Ang Prinsipyo ng Tamang Prayoridad

31 “Kaya’t huwag kayong mag-alala na baka kayo kapusin sa pagkain, inumin o damit. 32 Hindi ba’t ang mga Hentil ang nababahala tungkol sa mga bagay na ito? Alam na ng inyong Ama na nasa langit na kailangan ninyo ang lahat ng ito. 33 Ngunit higit sa lahat ay bigyang-halaga ninyo ang kaharian [ng Diyos]^[a] at ang pamumuhay nang ayon sa kanyang kalooban, at ibibigay niya sa inyo ang lahat ng mga bagay na ito.” MATEO 6:31-33

Ano ang hindi natin dapat ipag-alala? Bakit? Ano ang ibig sabihin ng “hanaping una”? Ano ang gagawin ng Diyos kung Siya ang unahin natin?

.....
.....
.....

3

Ang Prinsipyo ng kasipagan sa Pag-gawa

Ang kamay na tamad ay tiyak na magdarahop, ngunit magbubunton ng yaman ang kamay na masinop. KAWIKAAN 10:4

Ang bawat pagsisikap ay may pakinabang,ngunit ang puro salita, ang bunga ay kahirapan. KAWIKAAN 14:23

Ano ang “kasipagan”? Paano ang pagsusumikap nagbunga ng kasaganaan sa buhay ng isang taong kilala mo?

.....
.....
.....

SO WHAT

- Paano nga ba mas marami tayong natatanggap kapag nagbibigay? Paano ito humahamon sa pananaw natin sa pera?
- Ano ang dapat nating unahin Paano hinahanap ng isang tao ang Diyos?
- Bakit sa palagay mo ay pinagpapala ng Diyos
Ang kasipagan at katiyagaan ? Ano ang nadarama mo rito?

NOW WHAT

- Nagbibigay ka ba? Nahihirapan ka bang magbigay nang malaki? Ano ang magagawa mo para lumaki ang iyong pagbibigay?
- Inuuna mo bang hanapin ang kaharian ng Diyos? Maayos ba ang mga prayoridad mo? Anong priority adjustments ang kailangan mong gawin?
- Ano ang magagawa mo para mas maging masigasig ka sa iyong trabaho araw araw?

- Magtiwala ka sa Diyos na habang naghahasik ka, aani ka. Ipanalangin na ikaw ay maging isang pagpapala at daluyan ng pagpapala ng Diyos sa marami. Hilingin sa Diyos na gawin kang sensitibo sa Kanyang Espiritu upang malaman mo kung kailan, paano, at kanino ibibigay.

- Hilingin sa Diyos ang Kanyang karunungan at biyaya na ayusin ang iyong mga prayoridad. Magtiwala na kapag hinanap mo muna Siya, Siya ang bahala sa lahat ng iba pa sa iyong buhay.

- Maniwala na kapag sumunod ka sa Diyos, ang Kanyang katotohanan ay kikilos sa iyong buhay at mararanasan mo ang Kanyang kasaganaan, pag-uumapaw.

3

Unahin ang Dapat Unahin

- Mas madalas ka bang sumusunod sa badyet o ikaw ba ay isang pabigla-biglang mamimili? Magbigay ng halimbawa.
- Ano ang pinakabagong regalo na naibigay mo? Kanino mo ito ibinigay?
- Noong bata ka, may ninakaw ka ba? Nahuli ka ba? Sabihin mo sa amin.

18 Nang magdala si Melquisedec, hari ng Salem, ng tinapay at alak. Siya ay pari ng Kataas-taasang Diyos, at pinagpala niya si Abram. 20Pagkatapos, ibinigay ni Abram sa kanya ang ikasampu ng lahat......

GENESIS 14:18-20

Si Abraham ang kauna-unahang nagbigay ng ikapu na naitala sa Bibliya. Binigay niya sa Diyos ng ika-samoung bahagi (tithing) ng kanyang kita bilang isang mapagpasalamat na may pagsamba. Binigay niya ang kanyang ikapo sa Diyos sa pamamagitan ni Melquisedec na pari. Sa araling ito, tatalakayin natin ang pagsagot sa apat na karaniwang tanong tungkol sa ikapo.

1

Ano ang ikapo?

⁵Pagkatanggap ng utos, ang mga Israelita ay nagbigay ng kanilang mga kaloob mula sa pangunahin nilang ani ng trigo, alak, langis at pulot at iba pang bunga ng kanilang bukid. Nagbigay din sila ng ikasampung bahagi ng lahat ng kanilang kinita. 2 CRONICA 31:5

⁹Parangalan mo si Yahweh sa pamamagitan ng iyong mga kayamanan, at mula sa iyong mga pinakamainam na ani, siya ay iyo ring handugan.¹⁰ Sa gayon, kamalig mo ay lagi nang aapaw, sisidlan ng inumin ay hindi nga matutuyuan. KAWIKAAN 3:9,10

Ang ikapo ay ang unang bunga ng lahat ng ating nalilikha o kinikita. Ano ang ibig sabihin ng "firstfruits"?

.....

.....

Bakit hinihingi ng Diyos ang unang bahagi? Anong pangako ang ibinigay ng Diyos kung ibibigay natin sa Kanya ang unang ikasampu?

2

Dapat ba akong magbigay ng ikapu mula sa kabuuan o mula lamang sa neto ng aking kita (matapos ibawas ang buwis at mga gastusin)?

³⁰ "Lahat ng ikasampung bahagi, maging binhi o bunga ng pananim ay nakalaan kay Yahweh.

32 Isa sa bawat sampung alagang hayop ay nakalaan para kay Yahweh. Ang bawat ikasampung tupa o baka na mabibilang ay para kay Yahweh.

LEVITICO 27:30,32

Bakit sa tingin mo ginamit ni Moises ang mga salitang "lahat," "kabuuan," at "lahat ng bagay" ng tinukoy niya ang ikapu?

3

Paano kung hindi ko maibigaynng tapat ang ikapo?

8 "Ang tanong ko nama'y, matuwid bang pagnakawan ng tao ang Diyos? Hindi! Ngunit pinagnanakawan ninyo ako. Sa paanong paraan? Sa mga ikasampung bahagi at mga handog. 9 Isinumpa ko kayong lahat sapagkat ako'y pinagnanakawan ng buong bansa. MALAKIAS 3:8,9

Ano ang magnanakaw?
Ano ang "sumpa"?

4

Ano ang mangyayari kung tapat kong ibibigay ang aking ikapu?

10 Dalhin ninyo nang buong-buo ang inyong mga ikasampung bahagi sa tahanan ng Diyos upang matugunan ang pangangailangan sa aking tahanan. Subukin ninyo ako sa bagay na ito, kung hindi ko buksan ang mga bintana ng langit at ibuhos sa inyo ang masaganang pagpapala. MALAKIAS 3:10

Ano ang idig-sabihin ng subukin ang Diyos sa ikapo?
Ano ang ilang mga paraan kung paano binuksan ng Diyos ang mga pintuan ng langit para sa iyo?

Ano ang ilang mga paraan na ibinuhos Niya ang mga pagpapala sa iyo?

SO WHAT

- Sa palagay mo bakit mahirap na isyu ang ikapu para sa ilan? Paano nahahamon ng salita ng Diyos ang pananaw mo sa ikapu
- Ano kaya ang magiging bunga kung matapat nating ibibigay ang ikapu? Ano ang mga pagpapala ng pagbibigay ng buong ikapu?
- Sa palagay ninyo bakit sinasabi sa atin ng Diyos na subukin Siya kapag nagbigay tayo ng ikapu?

NOW WHAT

- Tapat mo bang ibinibigay ang buong ikapu sa Diyos? Kung hindi, ano ang pumipigil sa iyo na sumunod Ano ang magagawa mo para masunod ang Pulong ng Diyos ngayong linggo?
- Matapat ka bang nagbibigay ng iyong ikapu ngunit kasalukuyang nasa mahirap na kalagayang pinansyal?
- Handa ka bang subukin ang Diyos at makita Siyang nagbubuhos ng napakaraming pagpapala sa iyong buhay?

-
- Manalangin at mangako na susundin ang Salita ng Diyos kahit mahirap ang sitwasyon. Magtiwala na ang Diyos ang iyong tagapaglaan. Humingi sa Diyos ng mga tiyak na bagay na pinaniniwalaan mo mula sa Kanya.
 - Habang pinarangalan mo Siya sa pamamagitan ng iyong kayamanan at ibigay sa Kanya ang mga unang bunga, maniwala na pagpapalain ka Niya sa lahat ng paraan ayon sa Kanyang kalooban.

Radikal na Pagbibigay

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

- Sino ang pinaka mapagbigay na kilala mo? Gunitain ang isang pagkakataon na nagpapaliwanag nito.
- Ano ang isa sa mga paborito mong gawin? Bakit sobrang nasisiyahan ka dito?
- Paano ka tumutugon sa kahirapan? Bakit?

Mga kapatid, nais naming malaman ninyo ang ipinakitang kagandahang-loob ng Diyos sa mga iglesya sa Macedonia. ² Dumanas sila ng matinding kahirapan at ito'y isang mahigpit na pagsubok sa kanila. Ngunit sa kabila ng kanilang paghihikahos, masayang-masaya pa rin sila at bukás ang palad sa pagbibigay. 2 CORINTO 8:1,2 (TIGNAN 2 CORINTO 8:3-5.)

WHAT

Itinatampok ni Pablo ang mga taga-Macedonia bilang mga halimbawa ng mga taong maayos na namahala sa salapi ng Diyos. Sa araling ito, titingnan natin ang kanilang halimbawa ng radikal na pagiging mapagbigay.

1 Nagbigay sila nang may labis na kagalakan.

Ngunit sa kabila ng kanilang paghihikahos, masayang-masaya pa rin sila at bukás ang palad sa pagbibigay. 2 CORINTO 8:2 (TIGNAN 2 CORINTO 9:7.)

Ang magkahalong kumbinasyon ng napakabigat na pagsubok, matinding kahirapan, at labis na kagalakan ay nagbunga sa masaganang pagbibigay.

Ano ang "matinding pagsubok"? Ano ang "matinding kahirapan"?

Ano ang "mayamang kabutihang-loob"?

2 Nagbigay sila mula sa kanilang pangangailangan at higit pa sa kanilang kakayahan.

³ Sila'y kusang-loob na nagbigay, hindi lamang sa abot ng kanilang kaya, kundi higit pa. 2 CORINTO 8:3 (TIGNAN LUKE 21:1-4.)

May mga tao na nagbibigay ng kaya nilang ibigay. Ang iba ay nagbibigay ng mas kaunti kaysa sa kanilang kakayahan. Ang mga mahihirap na Macedonian ay nagbigay mula sa kanilang kahirapan at nagbigay higit sa kanilang kakayahan. Ito ay tinatawag na sakripisyong pagbibigay.

Nakapagbiga
y ka na ba nang
may sakripisyo?
Mahirap ba?
Masaya ka ba na
ginawa mo
ito?

3

Itinuturing nila ang pagbibigay na isang pribilehiyo.

mahigpit nilang ipinakiusap sa amin na sila'y bigyan ng pagkakataong makatulong sa mga kapatid na nangangailangan., 2 CORINTO 8:4

Ano ang
"pribilehiyo"? Bakit
sa tingin mo
isinasaalang-alang
nilang isang
pribelhiyo ang
pagbibigay?

4

Nagbigay sila ng higit pa sa salapi.

at higit pa sa inaasahan namin. Ibinigay nila ang kanilang sarili, una sa Panginoon, at pagkatapos ay sa amin, ayon sa kalooban ng Diyos. 2 CORINTO 8:5

Ano ang ibig
sabihin ng
ibigay ang sarili
sa
Panginoon?

SO WHAT

- Paano maipapakita ng mahihirap ang saganang pagkabukas-palad? Maaari rin bang magpakita ang mga taong mayayaman ng pagiging bukas palad ?
- Sa palagay ninyo, bakit tinawag ang mga Kristiyano na maging bukas-palad?
- Bukod sa pera, ano pang ibang mapagkukunan ang maaari tayong maging bukas-palad?

NOW WHAT

- Ikaw ba ay masayahing nagbibigay? Nasisiyahan ka bang magbigay ? Hilingin sa Diyos na gamitin ka upang maging daluyan ng Kanyang pagpapala simula sa linggong ito.
- Ang iyong kasalukuyang pagbibigay ay ayon ba sa iyong kakayahan, mas mababa sa iyong kakayahan, o higit pa sa iyong kakayahan? May hangarin ka bang dagdagan ang iyong pagbibigay? Handa ka bang magsakripisyo sa pagbibigay paminsan-minsan? Ano ang handa mong isakripisyo?
- Ibinigay mo na ba ang iyong sarili sa Panginoon? Paano mo mas lubos na maibibigay ang iyong sarili sa Kanya at sa Kanyang gawain araw araw?

-
- Pasalamatang ang Diyos para sa Kanyang katapatan, Kanyang mga pagpapala, at Kanyang radikal na kagandahang loob sa iyo.
 - Hilingin sa Diyos na gamitin ka upang maging daluyan ng Kanyang pagpapala. Pinagpala ka upang maging pagpapala.
 - Ipanalangin mo na gawin ka ng Diyos na mas mapagbigay at magbigay tulad ng mga taga Macedonia. Hilingin sa Kanya na gamitin ang anumang mayroon ka para sa Kanyang karangalan at gawain.

Yaman at karunungan

- Ano ang isang luho na palagi mong pinapangarap na magkaroon? Bakit? Ano ang gagawin mo kung meron ka nito?
- Naniniwala ka bang dapat magtabi ng bahagi ng iyong kita? Bakit o bakit hindi?
- Sabihin mo sa amin kung ano ang itinuro sa iyo tungkol sa pera habang ikaw ay lumalaki. Alalahanin ang isang pagkakataon na nagpapaliwanag nito.

Si Haring Solomon ang pinakamarunong at pinakamayaman sa lahat ng mga hari sa buong mundo. 1 HARI 10:23

WHAT

Si Solomon, ang pinakamatalinong tao na nabuhay, ay may ilang bagay na sinabi tungkol sa salapi. Bilang karagdagan sa kanyang karunungan, isa sa mga bagay na naaalala tungkol sa kanya ay ang kanyang kayamanan. Hindi niya man lang mabilang kung gaano karaming ginto ang ginugol para ipatayo ang templo at ang kanyang palasyo. Pero alam niya na ang kayamanan ay hindi magtatagal magpakailanman; ni hindi rin ito ang pinakamahalagang bagay sa kanyang buhay. Sa araling ito, titingnan natin ang ilan sa mga matatalinong kawikaan ni Solomon tungkol sa pera, kayamanan, at yaman.

1 Karangalan at Biyaya

⁹ Parangalan mo si Yahweh sa pamamagitan ng iyong mga kayamanan, at mula sa iyong mga pinakamainam na ani, siya ay iyo ring handugan.¹⁰ Sa gayon, kamalig mo ay lagi nang aapaw, sisidlan ng inumin ay hindi nga matutuyuan.

KAWIKAAN 3:9, 10 (TIGNAN KAWIKAAN 10:22.)
Ano ang ibig sabihin ng parangalan ang Panginoon sa pamamagitan ng kayamanan? Ano ang nagdadala ng kayamanan at biyaya?

.....

.....

.....

Nababahala ba
ang Diyos sa
pagpapala sa
atin?

2 Pagpapakumbaba at Takot sa Panginoon

Ang paggalang at pagsunod kay Yahweh at ang kapakumbabaan ay nagbubunga ng yaman, buhay at karangalan. KAWIKAAN 22:4

Ano ang "kapakumbabaan"? Bakit gusto ng Diyos na tayo'y maging mapagpakumbaba? Ano ang ibig sabihin ng takot sa Panginoon?

Ano ang mga
bunga ng
pagpapakumbaba
at ang
takot sa Diyos?

.....

.....

.....

.....

3 Katapatan at Kabaitan

Ang kayamanang natamo sa pamamagitan ng patubuan ay mauwi sa maawain at matulungin sa nangangailangan. KAWIKAAN 28:8

Bakit sa palagay mo ibibigay sa iba na mabait sa mga mahihirap ang kayamanang galling sa pandaraya? Paano mo maipapakita ang kabaitan sa mga mahihirap?

.....

.....

.....

4 Narito Ngayon, Wala Bukas

⁴ Huwag mong pagurin ang sarili sa pagpapayaman; pag-aralan mong umiwas doon. ⁵ Sapagkat madaling mawala ang kayamanan, ito'y simbilis ng agila sa paglipad sa kalawakan. KAWIKAAN 23:4,5

Si Solomon, sa kanyang karunungan, alam na ang salapi ay hindi magtatagal.

Ano ang "paghihigpit"? Paano inilarawan ni Solomon ang kayamanan?

.....

.....

.....

SO WHAT

- Paano nagkakaiba ang pananaw mo sa salapi kumpara kay Solomon? Bakit sa tingin mo ay ganun ang sinabi ni Solomon tungkol sa kayamanan?
- Bakit sa tingin mo ang pagpapakumbaba at takot sa Panginoon ang nagdadala ng kayamanan, karangalan, at buhay? Ano ang nararamdaman mo tungkol dito?
- Paano sa tingin mo magbabago ang mga bagay kung maiintindihan ng mga tao na ang kayamanan ay may pakpak at lumilipad palayo? Paano ka magkakaroon ng karunungan upang magpakita ng pagpipigil at hindi pagurin ang sarili sa pagyaman ?

NOW WHAT

- Matalino ka ba sa paggastos ng iyong pera? Sa anong mga aspeto sa tingin mo kailangan mong mapabuti ngayong linggo?
 - Nakikita mo ba ang pera bilang isang kasangkapan o isang layunin? Nagtitiwala ka ba sa pera o sa mga bagay na mahalaga magpakailanman? Paano sa palagay mo nais ng Diyos ang maging pananaw mo sa salapi?
 - Paano mo maipapakita ang kabaitan sa mga mahihirap?
-
- Ipanalangin na habang pinararangalan mo ang Diyos sa pamamagitan ng iyong kayamanan, ibuhos Niya ang Kanyang mga pagpapala sa iyo at sa iyong pamilya.
 - Humingi ka sa Diyos ng Kanyang biyaya upang ikaw ay maging mapagpakumbaba at matakot sa Kanya, maging tapat sa kung ano ang mayroon ka at maging masigasig para sa Kanyang karangalan.
 - Mangakong magtitiwala sa Diyos sa anumang bagay sa iyong buhay at mamuhay para sa walang hanggang kayamanan at Kanyang kaluwalhatian.

Ang layunin ng Kasaganaan

■ Sabihin sa amin ang tungkol sa isa sa mga pinakamahasag na bagay na nangyari sa iyo nitong nakaraang linggo.

■ Ano po ba ang pinakamabuti o pinakamasamang bagay na pinag gagastusan mo sa iyong salapi ? Bakit mo binili ?

Paano mo gustong ipagdiwang ang iyong kaarawan? Bakit?

Ito'y lumalampas sa mataas na mga muog, ang ugong niya'y naririnig sa pintuan nitong lunsod: KAWIKAAN 1:21

WHAT

Sinasabi ng Biblia na gantimpala ang kasaganaan, hindi sumpa, hindi kasalanan. Nais ng Diyos na magbigay para sa Kanyang bayan. Maraming tao ang humahanap ng kaloob ng Diyos nang hindi nauunawaan ang layunin ng Diyos para sa kaloob na iyon. Ang mga sumusunod na talata ay nagpapakita sa atin ng layunin ng kasaganaan.

1 "Higit pa sa sapat"

⁴ kaya't nagpunta kay Moises ang mga manggagawa. ⁵ Sinabi nila, "Napakarami na po ang ibinigay ng mga tao ngunit patuloy pa rin silang nagdadala." ExODO 36:4,5

(TIGNAN EXODO 36:3,6,7.)

Binigyan ng Diyos ang Kanyang bayan ng higit pa sa sapat upang matapos ang gawain. Ang kanilang mga pangangailangan ay naibigay at mayroon silang higit pa sa sapat upang ibigay sa gawain ng Tabernakulo. Nais ba ng Diyos na matugunan ang mga pangangailangan ng Kanyang mga anak ngayon?

.....

May hangganan ba ang Kanyang pagbibigay o higit pa sa sapat ang Diyos?

2 "Maging Pagpapala"

Sinabi ni Yahweh kay Abram, "Lisanin mo ang iyong bayan, ang tahanan ng iyong ama at mga kama-ganak, at pumunta ka sa bayang ituturo ko sa iyo. ² Pararamihin ko ang iyong mga anak at apo at gagawin ko silang isang malaking bansa. Pagpapalain kita, at gagawin kong dakila ang iyong pangalan at ikaw ay magiging pagpapala sa marami.

³ Ang sa iyo'y magpapala ay aking pagpapalain, at ang sa iyo'y sumumpa ay aking susumpain; sa pamamagitan mo, lahat ng mga bansa sa daigdig ay aking pagpapalain." GENESIS 12:1-3

Pinagpala ng Diyos si Abraham upang siya ay maging pagpapala.

Paano
pinagpala si
Abraham upang
maging
pagpapala?

.....

.....

.....

3

"Mapagbigay sa bawat pagkakataon"

¹¹ Pasaaganain niya kayo sa lahat ng bagay upang mas marami ang inyong matulungan. 2 CORINTO 9:11

Bakit tayo pagyayamanin?

.....

.....

.....

SO WHAT

- Sa palagay ninyo, bakit mas gusto ng ilang tao ang mag-imbak kaysa maging mapagbigay? Paano hinahamon ng "higit sa sapat" na paglalaan ng Diyos ang iyong pananaw sa kung ano ang mayroon ka at kung paano ka magiging mapagbigay?
- Ano ang ibig sabihin ng maging daluyan ng pagpapala ng Panginoon? Paano ka magiging pagpapala sa iba?
- Ano ang pakiramdam mo tungkol sa pagiging mapagbigay sa bawat pagkakataon? Paano mangyayari ito sa buhay ?

NOW WHAT

- Naniniwala ka ba na kayang bigayn ng Diyos ng higit pa sa sapat at maglaan para sa iyo ? Paano ka mas magiging malalim sa Kanyang salita upang iyong maunawaan ang Kanyang mga Pangako ngayong lingo?

Paano ka pinagpala na maging pagpapala? Paano ka

- magiging daluyan ng Kanyang mga pagpapala sa linggong ito?

Sensitibo ka ba sa mga pangangailangan ng iba? Ano ang

- magagawa mo para maging mapagbigay sa bawat pagkakataon?

-
- Pasalamatan ang Diyos sa Kanyang masaganang paglalaan at Kanyang mga pagpapala.
Ipanalangin na pagpalain ka Niya upang maging isang pagpapala at sa pamamagitan ng Kanyang biyaya ay gawin ka Niyang mapagbigay sa lahat ng pagkakataon ?
 - Ipanalangin ang mga kakilala mo na kasalukuyang nasa mahirap na sitwasyon.
 - Hilingin sa Diyos na pagpalain sila at gamitin na maging daluyan ng Kanyang mga pagpapala.

18 Subalit alalahanin ninyong si Yahweh na inyong Diyos ang nagbibigay sa inyo ng lakas upang yumaman kayo. Ginagawa niya ito bilang pagtupad niya sa kanyang pangako sa inyong mga ninuno. DEUTERONOMY 8:18

Managing God's Money ay isang serye ng anim na materyales para sa grupong disipulo na dinisenyo upang matulungan ang mga disipulo na mahusay na pamahalaan ang mga pinansyal na pinagpala sa kanila ng Diyos.

TOPICS INCLUDE:

- Salapi: Hawakan ng Maingat
- Mga Prinsipyo nang Kasaganaan sa Bibliya
- Unahin ang Dapat Unahin
- Radikal na Pagbibigay
- Yaman at Karunungan
- Ang layunin nang Kasaganaan



EVERY NATION
P R O D U C T I O N S